Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro, 5214*

HALAW SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG DISYEMBRE, 2006 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Tagapamanihala ng pagpupulong |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pres., Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | SK Fed. President |

x----------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 06-12-114

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG NESTOR A. GONZALES**

**SAPAGKAT,** si Nestor A. Gonzales ng Barangay Campaasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang buhay noong Martes, ika-12 ng Disyembre, 2006;

**SAPAGKAT,** si Tiyo Nestor na siyang karaniwang tinatawag sa kanya ng kanyang mga kamag-anak, mga kaibigan at kababayan ay isang huwarang ama ng tahanan, mapagmahal sa asawa at sa kanyang anim (6) na mga anak na kung saan itinanim sa isip ng mga ito ang kahalagahan ng edukasyon kung kaya hindi nakapagtataka na sila lahat ay nakapagtapos ng pag-aaral sa ibat-ibang larangan;

**SAPAGKAT,** si Tiyo Nestor ay isa ring matagumpay na negosyante na tumulong sa pag-angat ng ekonomiya ng bayan. Siya ay naglingkod sa Bayan ng Bulalacao bilang Punong Bayan ng ilang panahon na kung saan ay pinagsikapan niyang mapaganda at mapaunlad ang bayang kanyang sinilangan kasama na ang kabutihan ng bawat mamamayan;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang maikling panunungkulan, siya ay naging matapat sa tungkulin, masigasig at matiyaga kung kaya nagsilbi siyang huwaran ng kanyang mga kababayan na siya rin niyang katuwang sa pagsulong sa mga programang maiangat ang Bayan mula sa kahirapan;

Scanned with CamScanner

iwesto, lugar at walang ... Oriental Mindoro ...
an ng Bulalacao ...



**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng Bulalacao at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan; kung kayat dahil dito

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Nagpapahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Nestor A. Gonzales;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Rosalinda M. Cabagay na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY":** Disyembre 13, 2006, Bulalacao, Silangang Mindoro.

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**GABRIEL C. HERMILAO**
SB Member

**EFREN S. ACOSTA**
SB Member

**ROSALINDA M. CABAGAY**
SB Member

**LEONARDO A. ANDALLON**
SB Member

**SANNY O. MADRA**
SB Member

**ROBERTO A. HILARIO**
SB Member

**ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**
SB Member

**JUAN L. SALAS, SR.**
Pres., Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**SALVADOR A. MAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pagpupulong

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 12-15-06

Wed.res.
061216/PLP/jps

Scanned with CamScanner